# Mga pagpapaganda sa Ross Park

1

## Background

### Ano ang nangyayari?

Matatagpuan sa southeast Vancouver sa Sunset neighborhood, ang Ross Park ay isang 1.51-ektaryang neighborhood park. Pinagaganda namin ang Ross Park, kabilang ang pagpapalit sa kasalukuyang wading pool ng bagong spray park.

Kasama sa proyekto ang:

- Pagpalit ng kasalukuyang wading pool ng recirculating spray park
- Bagong fieldhouse building na kasama ang mga washroom para makatugon sa mga pangangailangan sa regulatoryo at accessibility
- Mga maa-access na pathway para maikonekta ang mga tampok ng park
- Drinking fountain
- Upuan sa labas
- Pagbabago ng playground




Mapa ng konteksto

# Mga pagpapaganda sa Ross Park



## Vision at mga layunin

### Vision

Para palitan ang mga luma nang tampok ng park at pagandahin ang mga pangliban-gang amenidad sa pamamagitan ng paglikha ng isang inklusibo, recirculating spray park, binagong playground at bagong fieldhouse bilang suporta sa lumalaki at magka-kaibang kapitbahayan.

### Mga layunin ng proyekto

Ang mga sumusunod na layunin ng proyekto ay nagpapakita kung paano ang bagong spray park at fieldhouse, at pagbabago ng playground ay kokonekta sa VanPlay, VanS-plash, at mga mahalagang dokumento ng master planning ng Park Board.

- Palawakin ang kalidad, pagkakaiba-iba, at accessibility ng mga tampok para sa sa lahat ng edad ng gagamit (VanPlay at Playground Strategy).
- Magbigay ng mga pagkakataon sa pagpapalamig at paglilibang sa panahon ng matinding init sa pamamagitan ng isang bago, flexible na spray park na may iba't ibang tampok sa paglalaro sa tubig. (VanSplash).
- Magdagdag ng komportableng upuan sa araw at lilim sa mga naa-access na daanan upang lumikha ng mas nakakaengganyo, konektadong espasyo ng komunidad (Van-Play)




VANCOUVER BOARD OF PARKS AND RECREATION

# Mga pagpapaganda sa Ross Park



## Plano ng Konsepto

### Ano ang pinaplano para sa park?

- Bagong recirculating water spray na tampok, surfacing, at mechanical system para palitan ang lumang wading pool
- Ang bagong fieldhouse at mga washroom ay malapit sa bagong spray park, na pinahuhusay ang accessibility at kaginhawahan para sa mga gumagamit ng spray park
- Pinagsasama ang dalawang kasalukuyang playground sa isang malaking playground na may mga bagong tampok sa paglalaro kasama ng mga bagong kagamitan sa paglalaro
- Ang mga lugar ng upuan ay nagpapalawak ng social space sa kasalukuyang picnic shelter
- Ang mga naa-access na pathway ay nag-uugnay sa lahat ng amenidad at pinabubuti ang pangkalahatang pagkakakonekta ng sit
- Ine-explore kung paano muling isasama ang kasalukuyang ground mural na nakapalibot sa wading pool sa pangkalahatang disenyo ng park




1. Kasalukuyang picnic shelter
2. Spray park
3. Lugar ng upuan
4. Edad 5-12 playground
5. Mga swing
6. Edad 2-5 playground
7. Fieldhouse

# Mga pagpapaganda sa Ross Park



## Timeline ng Proyekto at Mga Update

**Winter 2025**

Pag-develop ng konsepyo

**Spring 2026**

Isinapinal na Konsepto

**Summer 2026**

Detalyadong disenyo at paghandog

**2027**

Konstruksiyon

### Salamat!

Salamat sa iyong interes sa bagong spray park at mga update sa fieldhouse. Ang plano ay higit na pipinuhin at ipapakita sa Park Board sa spring ng 2026.

Kapag naaprubahan na, ang plano ng konsepto ay gagawing isang detalyadong lebel ng disenyo na inaasahang matayo sa unang bahagi ng 2027.

### Manariling may kaalaman

Manatiling up-to-date sa pamamagitan ng pag-bisita sa webpage ng proyekto sa:
vancouver.ca/ross-spray-park

### Kontakin kami:

ross.spray.park@vancouver.ca